

Kapit sa Patalim, Liwanag sa Dilim: Ang Wika at Panitikang Filipino sa Kurikulum ng Kolehiyo (1996-2014)



David Michael M. San Ju
Pamantasang Dela Salle-Maynila

Si **San Juan** ay kasalukuyang kawaksing propesor sa Departamento ng Filipino ng Pamantasang De La Salle-Maynila. Nagtapos siya ng BSE Major in Filipino, *magna cum laude*, sa Bulacan State University; Masterado sa Pagtuturo ng Filipino sa Philippine Normal University-Manila; at Doktorado sa Araling Timog-Silangang Asya sa Centro Escolar University-Manila. Siya ay aktibong opisyal ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF), National Committee on Language and Translation (NCLT), Alyansa ng Mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino (TANGGOL WIKA) at ng Alliance of Concerned Teachers-Private Schools. Nagwagi rin siya ng mga pambansang karangalan para sa kanyang mga pananaliksik, tula at sanaysay.

Abstrak

Ipinataw ng gobyerno ng Pilipinas ang bagong General Education Curriculum (GEC) alinsunod sa programang K to 12, at sa pamamagitan ng kontrobersyal na Commission on Higher Education/CHED Memorandum Order (CMO) No. 20, Series of 2013. Bunsod ng nasabing CMO, burado na ang espasyo ng wika at panitikang Filipino sa kurikulum ng kolehiyo, ngunit dahil sa kolektibong protesta ng mga grupong makabayan sa bansa, nagsasagawa ng konsultasyon ang CHED hinggil sa posibilidad na magkaroon pa rin ng asignaturang Filipino sa kolehiyo, at puspusang gamitin bilang wikang panturo ang wikang Filipino. Layunin ng papel na ito na ilahad ang pagsulong at pagbura sa mga tagumpay ng wika at panitikang Filipino sa kurikulum ng kolehiyo mula 1996 hanggang 2014. Saklaw nito ang pagbabalik-tanaw sa mga polisiya noong panahong kolonyal bilang batayan ng malalim na pagsusuri sa mga kaugnay na kontemporaryong polisiya sa panahong neokolonyal. Sa pangkalahatan, ang papel na ito’y manipesto rin sa paggigiit ng espasyo para sa wika at panitikang Filipino sa kurikulum ng kolehiyo, lagpas pa sa kapit-sa-patalim na pag-iral nito sa panahong neokolonyal na walang ipinag-iba sa karimlang tinataglawan ng sulong aandap-andap man ay hindi naman namamatay.

Mga Susing Salita

Filipino sa kurikulum pangkolehiyo, pagpaplanong pangwika, politika at wikang pambansa, K+12 na kurikulum, wika at edukasyon



HASAAN

Sa pangkalahatan, regresibo o paurong ang takbo ng pagpaplanong pangwika sa Pilipinas sa kasalukuyan. Pagkatapos ng ilang dekada ng matagumpay bagamat kapit-sa-patalim pa rin na Filipinisasyon ng sistemang pang-edukasyon kasabay ng pag-abante ng wikang Filipino bilang dominanteng wika sa pambansang midya at bilang lingua franca ng buong kapuluan, narito't nakaambang burahin ng CHED Memorandum Order (CMO) No. 20, Series of 2013 ang wika at panitikang Filipino sa kolehiyo. Upang mapatunayan na paurong ang takbo ng pagpaplanong pangwika sa bansa, kailangang balikan ang kasaysayan.

Wika ng Himagsikan, Wika ng Bayan

Bilang panimula, para sa simpleng pagtalakay, nililimitahan ng papel na ito sa tatlong panahon ang pagsusuri sa patakarang pangwika ng Pilipinas: panahong rebolusyunaryo (1896-1899); panahong kolonyal (1899-1946) at panahong neokolonyal (1946-kasalukuyan).

Alinsunod sa Konstitusyon ng Biak-na-Bató na binuo noong 1897, Tagalog ang magiging opisyal na wika ng bansa. Ang gayong probisyon ay produkto ng paggamit ng Katipunan sa Tagalog bilang wika ng komunikasyon, gaya ng pinatutunayan sa lahat ng mga dokumentong inilabas nito, at ayon na rin sa Kartilyang Makabayan: Mga Tanong at Sagot Ukol Kay Andrés Bonifacio at sa KKK na sinulat at inilathala ni Hermenegildo Flores noong 1922. Maraming dokumento ng Katipunan gaya ng isyu ng pahayagang Kalayaan at mga liham ng pamunuan, ay nakasulat sa Tagalog (Richardson, *The Light of Liberty*).

May mga pahiwatig na hindi naging problema ng Katipunan ang paggamit sa Tagalog bilang wika ng komunikasyon sapagkat may mga kasapi rin itong taga-Visayas gaya nina Francisco del Castillo at Candido Iban na noong 1895 ay nag-ambag ng salapi sa kilusang rebolusyunaryo para sa pagbili ng pang-imprensa, at may sapat din namang kontak ang Katipunan sa Mindanao upang ligtas na makapaglabay ang mga sugo nito kay Dr. Jose Rizal sa Dapitan, Zamboanga noong 1896. Sa Kartilya ng Katipunan na nailathala naman noong c.1892, ipinaliwanag ni Emilio Jacinto na ang "...salitáng tagalog katutura'y ang lahát nang tumubo sa Sangkapuluáng itó; sa makatuid, bisaya man, iloko man, kapangpangan man... ay tagalog din." Sa ganitong konteksto rin ginamit sa "Ang Dapat Mabatid Ng Mga Tagalog" ni Andres Bonifacio "Tagalog." Kung gayon, noong panahong rebolusyunaryo ay malinaw ang konteksto ng paggamit ng Tagalog bilang terminong panlahat at sumasaklaw sa lahat ng mamamayan ng

bansang Pilipinas. Hindi eksklusibo kundi inklusibo ang Tagalog, at ang wikang Tagalog naman ay malinaw rin na siyang wika ng komunikasyon ng maraming rebolusyunaryo, lalo na ng pamunuan nitong nasa kabisera.

Bagamat hindi nagkaroon ng sapat na panahon ang mga rebolusyunaryo na isakatuparan ang pagkakaroon ng wikang pambansa, malinaw na may programa sila para roon at katanggap-tanggap sa kanila ang pagkakaroon ng wikang pambuklod. Subalit nang pagtibayin ang Konstitusyon ng Malolos noong 1899 nabigyang-daan ang isang “gobyernong pinangingibabawan ng elite” (Rafael 348) kung saan ang probisyong pangwika ay nakakiling sa Espanyol at transisyonal sa esensya: *“Artículo 93. El empleo de las lenguas usadas en Filipinas es potestativo. No puede regularse sino por la ley y solamente para los actos de la autoridad pública y los asuntos judiciales. Para estos actos se usará por ahora la lengua castellana.”* (Article 93. *The use of the languages spoken in the Philippines shall not be compulsory. It cannot be regulated except by virtue of law and only for acts of public authority and judicial affairs. On such occasions, the Spanish language shall temporarily be used.*) Anu’t anuman, nailatag na ng Konstitusyon ng Biak-na-Bató ang patakarang pangwikang nagsilbing padron para sa mga sumunod na Konstitusyon ng Pilipinas.

Okupasyon ng Pilipinas at Imperyalistang Patakarang Pangwika

Hindi pa tumitibay ang pundasyon ng noo’y bago pa lamang nagsasariling Pilipinas nang dagitin ng agilang Norte Amerikano ang noo’y sisiw pa lamang na bansang Pilipinas. Noong 1899 ay sinimulan ng mga Amerikano ang direktang pagsakop at pag-okupa sa kapuluan, at kasabay nito’y ipinataw rin ng US Army ang wika ni Uncle Sam saanman sila magtagumpay. Noong 1901 at 1902, mahigit 1,000 gurong Amerikano ang dumaong sa Pilipinas upang magsilbi sa sistemang pang-edukasyon na ipinataw ng gobyernong kolonyal. Ingles ang opisyal na midyum ng sistemang pang-edukasyong ito. Direktang atas ng presidente ng Estados Unidos na si William McKinley sa Philippine Commission ang pagpili sa Ingles bilang wikang panturo noong 1900, na isinakatuparan sa pamamagitan ng Act No. 74 (Zwaenepoel 30). Ilan sa mga politikong Pilipino ang agad naghunyango para tumulong sa Amerikanisasyon gaya ni T.H. Pardo de Tavera na sumulat noong 1901 kay Hen. Arthur MacArthur para ipaghambog na

“...all our efforts will be directed to Americanizing ourselves; to cause knowledge of the English language to be extended and generalized in the Philippines in order that through its agency, the American spirit may take possession of us... (Ordoñez-94-95).”

HASAAN

Hindi mabilis at swabeng naipataw ng Estados Unidos ang kanyang hegemonya sa Pilipinas sapagkat sa mga unang bahagi ng 1900s ay itinutuloy ng mga beterano ng rebolusyong kontra-Espanyol ang pakikibaka laban sa mga bagong mananakop. Itinatag ni Hen. Luciano San Miguel, ang Kilusang Bagong Katipunan (Navarro 55) na nakaakit ng maraming tagasunod at alyado mula sa Rizal, Bulacan at iba pang lugar sa Gitna at Timog Luzon. Pinamunuan ni Heneral Macario Sakay – isang masugid na tagasuporta ni Andres Bonifacio – ang Republika ng Katagalugan noong 1902 (Blanco 374). Ipinagpatuloy ni Sakay ang rebolusyon at diskurso ng Katipunan: rebolusyon para sa pambansang pagpapalaya at diskurso sa sariling wika at pagbubuo ng sariling pambansang identidad sa pamamagitan ng paggamit ng pangalang Katagalugan para sa nasyong-estado, sa halip na “Filipinas” o “Pilipinas” na nilikha ng mga Espanyol (Guerrero et al. 3-12).

Subalit nang humina na ang malawakang rebolusyunaryong pakikibakang anti-imperyalismong Amerikano at magtagumpay na ang huli na bumuo ng sentral na gobyernong kolonyal, lalong pinatibay ng imperyo ang pangangibabaw ng Ingles sa sistemang pang-edukasyon mula antas primarya hanggang tersyarya upang matiyak ang pagluluto ng tinaguriang *little brown Americans*.

Ginamit ng mga gurong Amerikano at ng mga gurong Pilipino na kanilang sinanay ang pamaraang kinutya ng Brazilianong edukador na si Paulo Freire sa katawagang banking education, edukasyong “alkansya” o dili kaya’y “suksok-hugot” sa simpleng turing. Pangangabisote at basa-bigkas sa tahasang pagtukoy: kung anong sabihin ng guro ay siya ring uulitin, bibigkasin, isusulat at muling uulitin, bibigkasin at memoryahin ng mga tila lorong mag-aaral. Samakatwid, ang “edukasyong alkansya” (banking education) ay gumagamit ng metodong “nagsusuksok” lamang ng kaalaman sa kukote ng mga mag-aaral (ang inaakalang “dapat isipin”) sa halip na ganap na linangin ang kaisipan ng estudyante upang matuto itong lumikha, magproseso at umunawa ng kaalaman (ang proseso kung paano mag-isip). Halimbawa, sa pag-awit ng mga kantang Ingles at paulit-ulit na pagsasaulo, ang pangunahing layunin ani Sibayan (283):

“We were immersed in English...The Philippine immersion described here was practically forced on us...Failure to learn English for understanding the subject matter of the various subjects meant failure in school...Immersion in English meant committing to memory many poems, maxims and retelling stories that we read.”

Upang lalong mabigyang-diin ang pagbibigay-prayoridad sa Ingles, ganap na ipinagbawal at ginawang tila krimen ang pagsasalita sa wikang bernakular. Sa panahon ng mga Amerikano'y hinihiya sa pamamagitan ng pagpapasuot ng dambuhalang karatulang "I was caught speaking in the vernacular" ang sinumang mahuling gumamit ng wikang katutubo sa kampus. Walang habas din ang pagsusubo ng siling labuyo ng mga maestrang balintunang nakabaro't saya pa mandin, sa mga sawimpalad na batang kulang ang alam na Ingles kaya obligadong manaka-nakang bumulong o maghayag sa bernakular (Edroza-Matute 10-13).

Himagsik at Hinaing sa Wikang Sarili

Sa kabila ng panunupil ng mga Amerikano sa kilusang nasyonalista sa bansa, hindi tuluyang namatay ang pakikibakang anti-kolonyal at anti-imperyalista sa porma ng teatro (Casanova 32-73), balagtasang (Zafra 42-50), at awit (Maceda, Mga Tinig Mula sa Ibaba 235-418) gamit ang sariling wika. Hindi man tahas na nanawagan ng kalayaan ng bansa, ang maraming nobelang Tagalog naman ay nanawagan ng katarungang panlipunan para sa mga aping sektor ng lipunan (Reyes 41-59). Sa mga panahong ito rin pinagsama ng mga grupong Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang panawagang kalayaan at katarungang panlipunan, gamit din ang wikang sarili (Richardson, Komunista 140) sa kanilang mga polyeto, dyaryo, at talumpati sa publiko. Tumakbo sa ilalim ng platapormang agarang kalayaan at katarungang panlipunan sa pamamagitan ng reporma sa lupa at iba pang radikal na programa si Gregorio Aglipay – katambal ng kandidato sa pagkabise-presidente na si Norberto Nabong na pambato ng mga komunista – sa kauna-unahanang eleksiyong pampanguluhan para sa Komonwelt (Pomeroy 91-93). Natalo ni Manuel Luis Quezon si Aglipay, ngunit obligado ang una na pakitunguhan ang nasyonalistang sentimyento ng madla sa pamamagitan ng pagkakampanya para sa pagkakaloob ng Amerika ng kalayaan sa Pilipinas, sapagkat ang radikal-nasyonalistang kandidatura ng huli ay nagkamit ng halos 15% ng kabuuang boto (Presidential Communications Development and Strategic Planning Office/PCDSPO 7). Komplementaryo sa ganitong tunguhin ang pagtutulak ni Quezon na magkaroon ng isang wikang pambansa sa loob ng gobyernong kolonyal.

Alinsunod sa Konstitusyong 1935, ang Kongreso ay gagawa ng mga hakbang tungo sa pagpapaunlad at pagpapatibay ng isang wikang pambansa na batay sa isa sa mga umiiral na katutubong wika, sa pasubaling hanggang hindi

HASAAN

nagtatadhana ng iba ang batas, ang Ingles at Kastila ay patuloy ng gagamiting mga wikang opisyal. Nilinaw ni Felipe Jose, delegadong mula sa Mountain Province sa kumbensyon na nagbuo sa Konstitusyong 1935 ang kaugnayan ng kalayaan at pagkakaroon ng wikang pambansa:

“Bilang na ang mga araw ng pagka-alipin at pagiging palaasa at darating na ang araw ng kalayaan. Ang Espanya at pagkatapos, ang Amerika, ang mga makapangyarihan na ang kultura ay ipinilit sa atin, ay paalis na bilang mga kongkistador ng nakaraang panahon. At ang natitira ay ang ating panahon – ang panahon ng mga Pilipino kung kailan dapat nating itayo ang isang bagong bansa na may sariling kultura, sibilisasyon, kayamanan, karangalan, kapangyarihan, at wikang pambansa” (Constantino 59).

Paglalayag sa Maalong Dagat:

Mula Wikang Pambansang Batay sa Tagalog Tungong Wikang Filipino

Noong 1936-1937, binuo ang Surian ng Wikang Pambansa na nagrekomendang Tagalog ang gawing batayan ng wikang pambansa. Totoong mula noon hanggang ngayon ay may manaka-nakang pagtutol ang ilang mga nasa rehiyon sa pagpili sa Tagalog bilang batayan ng wikang pambansa, ngunit hindi na tinalakay ng artikulong ito ang mga kontrobersyang kaugnay niyon, sapagkat komprehensibong diskusyon na ang ginugol hinggil dito (Maceda, “The Filipino National Language” 99-108;Almario 1-73;Parale 1-255). Bukod dito, dapat bigyang-diin na gaya ng tinalakay sa unang bahagi ng papel na ito, ang Tagalog ay siya ring wika ng pakikibakang anti-kolonyal at anti-imperyalista, at kung gayo’y mabisang instrumento sa pagpapalaya ng bansa at ng kamalayan ng mga mamamayan. Malinaw ang lohikal na continuity mula Tagalog tungong wikang pambansang batay sa Tagalog na malao’y tinawag na wikang Pilipino at sa kasalukuya’y wikang Filipino, tulad ng tinuran ni Orara:

“Nasa Tagalog ang tagapamansag ng himagsikan ng 1896, isang opisyal na wikang napiling maging batayan ng wikang pambansa, samantalang nasaksihan ng 1986 February Revolution ang malawakang paggamit ng Pilipino, ang lingua francang nakabatay sa Tagalog na siyang nakatulong sa pagtawag minsan pa ng paghubog ng isang konstitusyon na siyang maliwanag na muling nagpatibay na Filipino ang wikang pambansa at nag-utos sa mga sangay ng pamahalaang gumawa ng pamamaraan sa pagpapalaganap nito (143).”

Naglayag sa maalong dagat ang wikang pambansa bago ito maging wikang Filipino sa ilalim ng Konstitusyong 1987. Hindi agarang ginamit na

midyum ng pagtuturo ang wikang pambansa pagkatapos na ito'y kilalanin ng gobyernong Komonwelt. Nananatiling malakas ang gahum ng Ingles hanggang sa kasalukuyan, lalo na sa mga institusyong politikal na pinangingibabawan ng mga dinastiyang elite, gaya ng paglalarawan ni Amado V. Hernandez sa nobelang Mga Ibong Mandaragit (186) sa pamamagitan ng talumpati ng makabayang si Senador Maliwanag:

“Sa alin mang batasan ng alin mang bansang malaya’t nagsasarili’y di natin makikita na sa pagsasalita ng isang kagawad ng kanyang katutubong wika e mi ibang kagawad na tututol at hihinging magsalita ang una sa wikang dayuhan...”

Bilang asignatura naman, 1940 na nang maging mandatory subject ang wikang pambansa sa isang taon ng hayskul at sa mga kolehiyong normal (Edroza-Matute 189) Iyon ang pagtatangka na simulan ang paggamit ng wikang pambansa bilang wikang panturo. Samantala, sa panahon ng pananakop ng Hapon sa bansa, pansamantalang ipinagbawal ang Ingles at wikang pambansa ang ginamit na wikang panturo sa lahat ng antas, sa kauna-unahang pagkakataon. Yumabong lalo ang panitikan sa sariling wika sapagkat “Pati ilang manunulat na Pilipino sa Ingles at nagsulat sa Tagalog, sa panahon ng Hapon” (Edroza-Matute 191). Gayunman, sa pagbalik ng mga Amerikano na tila pinahintulutan ng nakararaming Pilipino, muling naipataw ang Ingles bilang dominanteng wikang panturo. Malinaw na nailarawan ni Edroza-Matute (193) ang sitwasyong pangwika sa mga paaralang normal pagkatapos makapanumbalik ang mga Amerikano sa bansa:

“In this country, the national language is not second. English with 32 units in college and the medium of instruction in all schools, is of course, first. Spanish with 24 units in college is second. The national language with 12 units is third...”

Bilingwal na Patakaran: Hindi Ganap na Naisakatuparan

Tila liwanag sa dilim na binasag ng Department Order No. 25, Series of 1974 ng Department of Education, Culture, and Sports (DECS) ang pamamayani ng Ingles sa sistemang pang-edukasyon sa pamamagitan ng paglalabas ng “Implementing Guidelines for the Policy on Bilingual Education” para sa lahat ng antas ng edukasyon. Alinsunod sa nasabing atas, ang wikang pambansa ang dapat maging wikang panturo sa “social studies/social sciences, music, arts, physical education, home economics, practical arts and character education.” Samantala, Ingles naman ang gagamitin sa “science, mathematics

HASAAN

and technology subjects.” Inalingawngaw ng Department Order No. 52, Series of 1987 ang gayong atas. Ang tila nasyonalistang patakarang pangwika ng rehimeng Marcos ay naimpluwensyahan ng kanyang pagtatangka na tapatan ang pamamayani ng mga aktibista ng Kaliwa, kasama na ang mga nasa kilusang andergrawnd, sa paggamit ng wikang pambansa sa politikal na edukasyon (Maceda, “The Filipino National Language” 103) at malawakang propagandang anti-pyudal, anti-kolonyal, anti-kapitalista, anti-imperyalista, at anti-diktadura, gaya ng ipinahayag ni Atienza (69):

“Kaya kayang mapagbuhusan ng mga makabuluhang diskasyon ang mga usaping manggagawa, mga isyu ng unyon gaya ng pagpapataas ng sweldo at pagbago sa mga di-makatwirang kundisyon ng paggawa sa mga pabrika kundi gagamit ng Pambansang Wika (PW) ang mga aktibistang inatasang lumubog at magpalawak sa masang manggagawa? Ang mga magsasaka kaya’y mahihikayat kung hindi gagamitin ang wikang ito sa mga usapin ng pantay na karapatan sa lupa, reporma sa lupa, reporma o pagbabagong agraryo sa relasyon ng panginoong maylupa at mga kasama at ang mismong pagpapaunawa sa makabagong kilusang propaganda at kultural? Napipilipit man ang mga dila sa umpisa, ginamit ng mga aktibista ang wika o lenggwaheng ginagamit, sinasalita at nakagisnan o natutuhan nga ng masa sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay at relasyon sa kapwa nila milyun-milyong kalipunan. Salita ng komiks, palengke, pabrika, radyo at telebisyon at ilang dyaryo’t magasin ang pinili ng mga aktibista ng sambayanan.”

Sa konteksto naman ng mga ahensyang pang-edukasyon, ang pagkakaroon ng sapat na kasanayang pangwika sa Pilipino ay kailangan para sa pambansang pagkakaisa at komunikasyon, habang kailangan din ang Ingles upang magkaroon ng sapat na kakayahang komunikatibo ang mga mamamayan para sa noo’y kasisimula pa lamang na Labor Export Policy (LEP).

Inilabas naman ng DECS noong 1975 ang Department Order No. 50 na nag-aatas ng pagkakaroon ng asignaturang Ingles at Pilipino sa kurikulum sa antas tersyarya. Hindi ganap na naipatupad ng maraming paaralan ang gayong probisyon, batay na rin sa pagsusuri ni Espiritu (“Filipino Language in the Curriculum”) sa pagpapatupad ng edukasyong bilinggwal:

“At the tertiary level, it appeared that the policy is not a priority. Many institutions seemed to have put more premium on the use and teaching of English, the main language aspiration of many Filipinos.”

Sinusuportahan ito ng “Palisi sa Wika” na ng Unibersidad ng Pilipinas noong 1989. Sa nasabing dokumento, binigyang-diin ang pagtatangka ng UP na pangunahan aktibong adbokasiya sa paggamit ng wikang pambansa sa iba’t ibang asignatura, sa pamamagitan ng paghimok sa pamahalaang nasyonal na puspusang ipatupad ang isang pambansang patakarang pangwika gaya ng ipinag-uutos ng Konstitusyon.

Urong-Sulong, Laban-Bawi: Mga Mandatoring Asignaturang Filipino

Nang maitatag ang CHED, tinangka nitong isaayos ang General Education Curriculum (GEC). Alinsunod sa CMO No. 59, Series of 1996, at CMO No. 4, Series of 1997, mandatori sa lahat ng kurso ang wikang Filipino, at ang panitikang Filipino naman ay mandatori sa mga nag-aaral ng kursong saklaw ng HUSOCOM o Humanities, Social Sciences, at Communication. Sapagkat hindi ganap na naipatupad ang DO No. 50 ng DECS, sa pamamagitan lamang ng CMO No. 59, Series of 1996 at CMO No. 4, Series of 1997 tunay na naging mandatoring asignatura sa kolehiyo ang Filipino. Sa ilalim ng CMO No. 59, Series of 1996, 9 na yunit ng Filipino ang mandatori para sa lahat estudyante sa kolehiyo, ngunit sa ilalim naman ng CMO No. 4, Series of 1997, ang 9 na yunit ng Filipino ay para na lamang sa kumukuha ng mga kursong saklaw ng HUSOCOM at 6 na yunit na lamang ng Filipino ang mandatori para sa kumukuha ng mga kursong hindi saklaw ng HUSOCOM tulad ng B.S. Engineering at B.S. Biology.

Sa bilang ng mga yunit, pantay ang Ingles at Filipino sa CMO No. 59, Series of 1996. Para naman sa mga asignaturang “Literatures of the Philippines” at “Literatures of the World,” maaaring gamitin ang mga tekstong Filipino at Ingles. Para kay Constantino:

“ang hindi matatag na paninindigan sa paggamit ng Filipino bilang wikang panturo sa mga kursong literatura ay nangangahulugan pa rin ng higit na pagpabor sa wikang Ingles...kung ipauubaya sa mga institusyong pang-edukasyon...ang pagdedesisyon ukol sa wikang gagamitin sa pagtuturo ng panitikan, pipiliin nila ang Ingles (171-172).”

Bukod dito, liyamado pa nang kaunti ang Ingles dahil sa may mandatory na placement test sa Ingles ang mga mag-aaral bago sila kumuha ng English 1. Ang mga bumagsak sa placement test ay obligado pang kumuha ng English Plus, bago ang English 1. Sa maraming paaralan, Ingles din ang default language para sa “Literatures of the World” kahit na malinaw sa CMO No. 59, Series of

HASAAN

1996 na pwede ring gamitin ang Filipino sa pagtuturo ng asignaturang iyon. Sa pangkalahatan, ganito rin ang sitwasyon sa pagiging wikang panturo ng Ingles at ng Filipino para sa iba pang asignatura, kaya tila hakbang paurong pa nga ang ilang aspekto ng dalawang magkaugnay na CMO na nagbunsod upang magkaroon ng “opsyon ang mga HEIs na ibalik sa Ingles ang midyum ng pagtuturo sa mga asignaturang datihan nang ipinatuturo sa Filipino” (Espiritu, “Ang Filipino sa Ibayong Kurikulum” 157). Muntik na ring tuluyang maging opisyal na pangunahing wikang panturo sa lahat ng antas ng edukasyon ang Ingles bunsod ng serye ng mga maka-Ingles na panukalang batas at ng Executive Order No. 210 na pinagtibay ng rehimeng Macapagal-Arroyo noong 2003 para bawiin “...ang tagumpay ng wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo, bilang mahalagang wika sa pagbibigay gabay sa mga eksamen at pagbaba sa porsyento ng nilalaman ng mga eksamen sa pamahalaan, at pagpapahina sa wikang Filipino na pamamagitan ng pagbabawas ng mga oportunidad sa trabaho” (Abad 224).

Pagbura sa Filipino sa Kolehiyo at Kritik sa “Paglilipat” ng Mga Asignatura Mula Kolehiyo Tungong Senior High School

Fast forward sa 2013, tuluyan nang binura sa kolehiyo ang asignaturang Filipino sa pamamagitan ng CMO No. 20, Series of 2013 gaya ng nasa pigurang ito¹ na nagpapakita ng mga asignatura sa bagong General Education Curriculum (GEC):

Type	Courses
Course <ul style="list-style-type: none">• 8 courses• 3 units each• 24 units each	<ol style="list-style-type: none">1. Understandig the Self2. eadings in Philippine History3. The Contemporary World4. Mathematics in the Modern World5. Purposive Communication6. Art Apreciation7. Science, Technology and Society8. Ethics
Electives <ul style="list-style-type: none">• 3 courses• 9 units total	Choices on: <ol style="list-style-type: none">1. Arts & Humanities2. Social Sciences & Philosophy3. Mathematics, Science & Technology
Mandated	Life & Works of Rizal (3 units)

¹Mula rito ang pigura: http://ceap.org.ph/upload/download/20129/1881921971_1.pdf

Bagamat sa p. 6 ng CMO No. 20, Series of 2013 ay may paconsuelo de bobong deklarasyon na “The general education courses maybe taught in English or Filipino,” malinaw na English ang default language ng mismong CHED, ng mismong gobyerno, at ng napakaraming kolehiyo/unibersidad sa Pilipinas kaya ang probisyon sa opsyonal na paggamit ng Filipino bilang wikang panturo ay lalong lumalabnaw at nawawalang-saysay sa aktwal. Sa panahong ito, namamayani pa rin ang “Speak-In-English Zone” gaya ng sinasabi sa awit ni Prop. Joel Malabanan ng Philippine Normal University, at ng pagyayabang ng mga paaralang pribado hinggil sa kanilang pagbibigay-prayoridad sa Ingles, tulad ng Darwin International School sa Bulacan (na ironically ay isa sa mga dati-rating itinuturing na balwarte ng Tagalog at ng Filipino) at ng APEC Schools sa Metro Manila na consortium ng mga Ayala at ng Pearson, isang dayuhang korporasyon.

Pansinin na ang may salin lamang sa CMO No. 20, Series of 2013 ay mga pamagat ng core courses. Pansinin din na sa maraming kolehiyo at unibersidad, English Department o mga English-speaking departments ang lead department sa asignaturang Purposive Communication. Hindi pa rin naman ganap na handa ang mga guro at estudyante para sa Filipinisasyon ng nakararaming asignatura sa GEC. Samakatwid, wala talagang espasyo ang Filipino sa bagong GEC, bilang asignatura man o bilang wikang panturo. Ang pagbura sa Filipino sa kolehiyo ay hakbang paurong sapagkat babawasan nito ang oportunidad para sa intelektwalisasyon² ng wika. Kung seryoso ang gobyerno sa pagtataguyod sa paggamit ng Filipino bilang wikang panturo, kinakailangang pataasin pa ang kasanayan ng mga estudyante sa intelektwal na paggamit nito, kaya kailangan talagang magkaroon pa rin ng asignaturang Filipino sa kolehiyo.

Hindi totoo na kaya binura sa kolehiyo ang asignaturang Filipino ay inilipat lamang ang mga asignaturang Filipino sa senior high school. Iba ang

² Ang intelektwalisasyon ay tumutukoy sa proseso ng pagpapaunlad ng intelektwal na paggamit ng isang wika sa iba’t ibang field o larangan. Ayon kay Sibayan, ang intelektwalisasyon ay naisasakatuparan sa pamamagitan ng paggamit ng isang wika sa iba’t ibang domain, partikular sa mga controlling domain: “Language has domains, ones that have human populations and support institutions, structures, and services. There are three classes of language domains, namely: non-controlling domains (NCDs) those of the home and the lingua franca; semi-controlling domains (SCDs) which include religion, politics, and entertainment; controlling domains (CDs) chief of which are (1) government with sub-domains of executive, judiciary, and legislature, (2) education with sub-domains of elementary, secondary, vocational-technical, and higher education; (3) the professions such as law, medicine, accountancy, etc.; (4) science and technology; (5) business, commerce and industry; (6) information technology which includes mass media, (7) literature and (8) international relations.

HASAAN

nilalaman ng kasalukuyang itinuturo sa kolehiyo kaysa sa nilalaman ng ituturo sa senior high school. Hindi masasaklaw ng mga asignatura sa senior high school ang mga nilalaman at tinatalakay sa asignaturang Filipino sa kolehiyo. Sa lumang GEC, 6 hanggang 9 yunit ang asignaturang Filipino alinsunod sa CMO No. 04, Series of 1997³ (6 na yunit para sa mga estudyanteng hindi HUSOCOM/ Humanities, Social Sciences, Communication ang kurso, at 9 na yunit para sa mga estudyanteng HUSOCOM). Bukod dito, may komponent na Filipino sa 3 na yunit ng asignaturang Literature of the Philippines alinsunod sa CMO No. 59, Series of 1996⁴ na naging opsyonal na lamang para sa mga estudyanteng hindi HUSOCOM ang kurso sa paglalabas ng CMO No. 04, Series of 1997. Karaniwan, ang 6 hanggang 9 na yunit ng asignaturang Filipino sa lumang GEC ay nakapokus sa: Komunikasyon (Filipino 1); Pagbasa at Pagsulat/Pananaliksik (Filipino 2); Wika at Kultura o kaya’y Retorika (Filipino 3).

Sa De La Salle University (DLSU)-Manila, tinumbasan ng FILKOMU (Komunikasyon sa Filipinolohiya), FILDLAR (Filipino sa Iba’t Ibang Disiplina at Larangan) at WIKAKUL (Wika at Kultura). Sa senior high school ng K to 12, narito ang mga asignaturang Filipino: Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino; Pagbasa at Pagsusuri ng Iba’t Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik; at Pagsulat sa Filipino sa Piling Larangan (track-based: magkakaiba ang para sa Tech-Voc; Sining at Disenyo; Isports; Akademik).

Pansinin na ang Filipino 1 at Filipino 2 ay parang tinatapatan ng Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino, at Pagbasa at Pagsusuri ng Iba’t Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik sa senior high school. Gayunman, maraming paksa sa Filipino 1 at 2 sa kolehiyo na hindi maituturo sa senior high school batay na rin sa inilabas na set ng competencies ng DepEd. Halimbawa, walang pagsasalin/translation sa iba’t ibang larangan para sa asignaturang Filipino sa senior high school na panlahat (Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino, at Pagbasa at Pagsusuri ng Iba’t Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik) na bahagi ng Filipino 2 ng silabus na itinuturo sa DLSU-Manila at sa marami pang kolehiyo at unibersidad. Gayundin, hindi lahat ng track sa Pagsulat sa Filipino sa Piling Larangan ay may komponent na pagsasalin. Dapat ding bigyang-diin na ibang-iba ang direksyon ng Filipino 2 na karaniwang Pagbasa at Pagsulat ang saklaw, di gaya ng nasa track-based

³ Masisipat sa www.dlsu.edu.ph/offices/iaa/downloads/CHED-MEMO-59-1997.pd

⁴ Masisipat sa www.dlsu.edu.ph/offices/iaa/downloads/iaa-cmo-no-59-series-1996.pdf

na senior high school na pagsulat lamang ang pokus. Samantala, bagamat sa unang tingin, tila bahagi ng Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino ang mga paksa ng Filipino 3 (WIKAKUL) na nasa lumang kurikulum, makikitang maliit na porsyento lamang ng Komunikasyon at Pananaliksik ang nakatuon sa “panimulang pag-aaral sa mga etnolinggwistikong grupo sa Pilipinas mula Hilaga hanggang Timog” na siyang pokus ng WIKAKUL ng DLSU-Manila.

Bukod sa mga ito ay marami pang paksa sa Filipino 1, 2 at 3 sa kolehiyo na hindi kayang saklawin ng mga asignaturang nasa senior high school gaya ng ipinakikita sa Talahanayan 2 na nasa Apendiks. Sa pangkalahatan, dapat bigyang-diin na iba ang dulong ng pagtuturo ng Filipino sa GEC sa kolehiyo, versus sa track-based na dulong ng Filipino sa senior high school. Sa GEC sa kolehiyo, ang mga estudyante ay parang mga runner na tatakbo sa maraming field, samantalang isang field lang at isang direksyon lang ang tatakbuhan ng mga estudyante sa senior high school. Samakatwid, ang “paglilipat” ng mga asignatura mula kolehiyo tungong senior high school, at ang pagbabawas ng asignatura sa GEC para lamang magdagdag sa high school, ay hindi simpleng paglilipat at pagbabawas. Wala na ring espasyo para sa Panitikan sa mga core courses sa bagong GEC, bagamat maaaring maging bahagi ito ng core subject na Art Appreciation, o kaya’y ng mga elective gaya ng Great Books. Malinaw kung gayon na bukod sa wikang Filipino, casualty rin ng bagong kurikulum ang Panitikan.

Nangangahulugan ito ng pagpapalabnaw sa general education – partikular sa humanidades at agham panlipunan – sa kolehiyo, at pagpopokus sa simpleng pagbibigay-kasanayan sa mga estudyante. Tahas na track-based ang huling taon ng senior high school, di gaya ng general education sa kolehiyo na sadyang malawak at masaklaw sapagkat panlahat. Ang senior high school sa Pilipinas, lalo na ang huling taon nito, ay nakapokus na lamang sa pagiging manggagawa ng estudyante, samantalang ang general education sa kolehiyo ay naglalayong linangin ang pagiging tao ng estudyante, lagpas sa mga kadenang ekonomikong nakatali sa pagiging manggagawa. Ang pagpapalabnaw sa general education sa Pilipinas ay katulad ng gayunding proseso sa Estados Unidos kung saan ang edukasyon ay may layuning “...to recreate the privileges of the powerful while forging a generation of technicians and passive followers, disciplining the lower classes to accept their place in the matrix” (Ayers at Ayers). Batay sa ulat ni Fernandez, suportado ng mga korporasyon ang K to 12 sa Pilipinas dahil mabibigyan nito ng sapat na kasanayan ang mga kabataan para makapagtrabaho

HASAAN

kaagad at hindi na kailangan pang magkolehiyo. Sa madaling sabi, hangad ng mga korporasyon ang tuluy-tuloy na suplay ng mga manggagawang madaling mapapapayag sa baratilyong sweldo at kontraktwal na istatus (San Juan, “Kaisipang Nasyonalista” 103-104).

Ayon kay Carol Geary Schneider, presidente ng Association of American Colleges and Universities,

“...a liberal education also engages students with the wider world and deliberately cultivates both the capacities to make sense of complexity and the commitment to consider responsibilities to the larger community. It prepares graduates not just to ride out this economic storm, or the next one, but to chart a journey through them...a great education and narrow technical training are not one and the same”

Bagamat sa unang sipat ay gastang pulbos at tila walang aktwal na pakinabang ang bansa sa mas malawak na general education, dapat bigyang-diin na:

“It’s not a balance-sheet equation where if you put in this much you’ll get that much out, but if you’re teaching people to be articulate, if you’re teaching people about the traditions of the country and the traditions of their culture...that’s how people connect. If we diminish that, we will all be the poorer and I really do think you can put that in value terms” (Dame Marina Warner, binanggit ni Preston).

Dagdag pa ni Epstein, matindi at pangmatagalan ang epekto ng pagpatay o pagbabawas sa edukasyong liberal arts:

“Without it, we shall no longer have a segment of the population that has a proper standard with which to judge true intellectual achievement. Without it, no one can have a genuine notion of what constitutes an educated man or woman, or why one work of art is superior to another, or what in life is serious and what is trivial. The loss of liberal arts education can only result in replacing authoritative judgment with rivaling expert opinions, the vaunting of the second- and third-rate in politics and art, the supremacy of the faddish and the fashionable in all of life. Without that glimpse of the best that liberal arts education conveys, a nation might wake up living in the worst, and never notice (3).”

Maganda ring pagnilayan ang winika ni Mr. Glenn Holland, isang guro sa pelikulang Mr. Holland’s Opus ni Stephen Herek

DAVID MICHAEL M. SAN JUAN

“Well, I guess you can cut the arts as much as you want...Sooner or later, these kids aren’t going to have anything to read or write about... You people create a new generation of children who will not have the ability to think or create or listen...”

Bunsod ng pagbibigay-tuon ng K to 12 sa teknikal at komersyal na aspekto ng edukasyon, makabuluhang banggitin naman ang puna ni Mr. Chipping, guro sa pelikulang Goodbye Mr. Chips ni Sam Wood sa edukasyong robotiko at komersyal: “I know the world’s changing. I see old traditions dying one by one. Grace, dignity, feeling for the past. All that matters today is a fat banking account. You’re trying to run the school like a factory for turning out moneymaking snobs.” Sa ganitong diwa, ang malakas na GEC ay kinakailangan, taliwas sa kasalukuyang trend na pagbabawas sa GEC.

Bakit Hindi Dapat Burahin ang Filipino at Panitikan sa Kolehiyo?

Sipatin natin ang mga asignatura sa senior high school na may asignaturang level-up sa kolehiyo upang maging malinaw na dehado ang asignaturang Filipino sa bagong GEC, at batay sa talahanayan, hindi naman kailangang burahin ang Filipino dahil hindi rin naman binura sa kolehiyo ang mga asignaturang may counterpart sa senior high school gaya ng nasa sumusunod na talahanayan.⁵

Asignatura sa Senior High School	Asignatura sa Kolehiyo (ayon sa bagong GEC alinsunod sa CMO No. 20, Series of 2013)
Oral Communication Reading and Writing English for Academic and Professional Purposes Research in Daily Life 1 Research in Daily Life 2	Purposive Communication
Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Filipino Pagbasa at Pagsusuri ng Iba’t Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik Pagsulat sa Iba’t Ibang Larangan	WALA

⁵ <http://deped.gov.ph/index.php/resources/curriculum-guides/shs-core-subjects>
<http://deped.gov.ph/index.php/resources/curriculum-guides/shs-contextualized-subjects>

HASAAN

Ikalawang Bahagi: Mga Asignatura sa Senior High School

Asignatura sa Senior High School	Asignatura sa Kolehiyo (ayon sa bagong GEC alinsunod sa CMO No. 20, Series of 2013)
Contemporary Philippine Arts from the Regions	Art Appreciation
Understanding Culture, Society, and Politics	The Contemporary World
21st Century Literature from the Philippines and the World	WALA
General Mathematics Statistics and Probability	Mathematics in the Modern World
Earth and Life Science Physical Science Earth Science Disaster Readiness and Risk Reduction	Science, Technology and Society

Anuman ang ituro sa senior high school, maaari pa rin naman itong isustine at palawakin pa sa kolehiyo/unibersidad gaya ng pinatunayan ng talahanayan sa itaas. Ang pagtuturo ng asignaturang Filipino at Panitikan sa kolehiyo ay bahagi ng pagtupad sa Resolution No. 298-2011⁶ ng Commission on Higher Education (CHED) hinggil sa College Readiness Standards ng Pilipinas. Saklaw ng nasabing resolusyon ang mga minimum na kasanayan na dapat matutuhan ng mga estudyante sa hayskul upang sila ay maging handa sa pagkokolehiyo. Mayroong 16 na kasanayang tinukoy ang CHED para sa Filipino, bukod pa sa mga kasanayan sa Panitikan. Ang mga kasanayang iyon ay mababalewala lamang kung hindi masusustine at lalong mapalalawak sa kolehiyo sa pamamagitan ng mga asignaturang Filipino at Panitikan.

Sa maraming bansang Europeo, sa Estados Unidos⁷, sa mga bansa sa Timog-Silangang Asya at iba pa, bahagi ng General Education Curriculum (GEC)

⁶ <http://www.docstoc.com/docs/171297168/College%20Readiness%20Standards.pdf>

⁷ Halimbawa, sa College of Engineering ng Ohio State University, bahagi ng mandatory na GEC ang English and Communication Skills: http://www2.ece.ohio-state.edu/pdfs/GEC_07_08.pdf; California State Polytechnic University: www.csupomona.edu/~academic/catalog/gen_edu/General_Education.pdf; College of Food, Agricultural, and Environmental Sciences ng Ohio State University: <http://cfaes.osu.edu/students/academics/undergraduate/courses-and-general-education>.

o ng katumbas nito, ang pag-aaral ng wikang pambansa bilang isang disiplina at salamin ng pambansang kaakuhan, batay sa pagsusuri ng mananaliksik sa mga prospectus na nasa website ng mga unibersidad. Ayon kay Dr. Ramon Guillermo ang Bahasa Indonesia at Bahasa Melayu ay required subjects sa mga unibersidad sa Indonesia at Malaysia. Sa Estados Unidos ay required din sa kurikulum ng kolehiyo ang pagtuturo ng kanilang wikang pambansa bilang asignatura. Halimbawa, sa College of Engineering ng Ohio State University, bahagi ng mandatory na GEC ang English and Communication Skills. Mandatory rin ang English at Communication sa California State Polytechnic University at sa College of Food, Agricultural, and Environmental Sciences ng Ohio State University. Sa Illinois State University, required ang Composition as Critical Inquiry at Communication as Critical Inquiry, bukod pa sa mandatory rin na Language in the Humanities (Tingnan ang Apendiks). Samantala, ang Panitikan naman ay bahagi ng luma at ng bagong GEC ng Harvard University. Sa lumang GEC ng Harvard, bahagi ng 11 erya ang Literature and Arts A, B, at C. Sa bagong GEC naman ng Harvard, isa sa 8 core courses ang Aesthetic & Interpretive Understanding (A&I). Maraming offerings para sa A&I ang may komponent na Panitikan. Sa Columbia University, isa sa 9 core subjects sa GEC ang Panitikan. Sa Illinois State University naman, bahagi ng course offerings para sa required na 1 kurso sa Humanities ang Panitikan, bukod pa sa komponent nito sa ilang course offerings para sa required na 1 kurso sa United States Traditions gaya ng American Culture: Traditions and Texts. Makikita sa sa Apendiks ang iba pang unibersidad na may kahawig na requirement.

Sa panahon ng patuloy na globalisasyon at ng napipintong Association of Southeast Asian Nations Integration (ASEAN Integration), nararapat lamang na patibayin ng mga Pilipino ang sariling wika at panitikan, upang makapag-ambag ang mga ito sa proyekto ng global at rehiyonal na integrasyong sosyo-kultural. Samakatwid, ang pagpapalakas ng wika at panitikang Filipino sa lahat ng antas ng edukasyon ay paghahanda rin para sa ASEAN Integration at sa patuloy na globalisasyon. Mahalagang ambag sa edukasyong sosyo-kultural ng maraming estudyanteng inaasahang darating at mag-aaral sa Pilipinas mula sa mga kasapi ng ASEAN at iba pang bansa, ang asignatura sa wika, kultura at identidad ng Pilipinas. Sa panahong ito ng globalisasyon, higit na kailangan ang pagpapanatili ng wika at panitikang Filipino sa lahat ng antas ng pag-aaral upang patatagin at payamanin ang ating pagka-Pilipino.

Lagpas pa sa pag-aambag sa kultura ng daigdig, ang pagtuturo ng wika at panitikang Filipino ay paggigiit ng espasyo para sa humanidad ng mga Pilipino.

HASAAN

Ang ating wika at panitikan ay salamin at tagapagpahayag ng ating mga hinaing, kasawian, tagumpay, kasiyahan, hinanakit, sama ng loob, pangarap, pag-asa, at iba pang damdaming nagbibigay sa atin ng lakas upang humakbang mula rito patungo sa dako pa roon ng hinahaharap. Ang pagkakait ng espasyo para sa wika at panitikang Filipino ay pagkakait ng espasyo para sa ating pagkatao at pagiging tao.

Pagtanaw sa Hinaharap:

Wika at Panitikang Filipino Para sa Progresibong Lipunan

Unti-unti nang nagiging malinaw sa madla na ang kasalukuyang pakikibaka ay lagpas pa sa pagpapanatili lamang ng asignaturang Filipino sa lahat ng antas ng edukasyon. Ang pagbura sa asignaturang Filipino at Panitikan sa antas tersyarya ay bahagi ng tila anti-nasyonalista at napakateknikalisdong framework ng buong programang K to 12 na naglalayong mas mabilis na makapagmanupaktura ang Pilipinas ng mga manggagawang hindi na magkokolehiyo; lalo pang iakma sa Labor Export Policy (LEP) ang sistemang pang-edukasyon (San Juan, “Pambansang Salbabida” 96-120); at gawing mas teknikalizado ngunit mas dehumanisado sa halip na progresibo ang sistemang pang-edukasyon. Nangangailangan pa ng mas komprehensibong pagsusuri sa K to 12, lalo pa at sa kasalukuyan ay lalong nagiging malinaw na hindi ito dumaan sa malawak at masinsinang demokratikong konsultasyon. Tungkulin ng bawat makabayan na pangunahan ang pagmumulat, pag-oorganisa, at pagpapakilos ng sambayanan tungo sa pagbubuo ng progresibo, humanistiko, siyentipiko, at makabayang sistemang pang-edukasyon na malaya sa de-kahong pormula ng programang K to 12 na isang imposiyong mula sa itaas. Sa antas praktikal, ang paggigiit ng 9 na yunit ng wika at panitikang Filipino ay isang positibong hakbang. Alinsunod sa disenyong inter/multidisiplinari ng mga core course sa bagong GEC, ang mga sumusunod na asignatura’y ilan lamang sa mga opsyon na maaaring ihapag (core course man o elective): “Filipino Bilang Wikang Intelektwal sa Agham Panlipunan, Humanidades, at Agham at Teknolohiya”; “Mga Kultura ng Pilipinas: Noon at Ngayon, Lokal at Nasyonal”; “Mga Babasahin sa Araling Pilipinas (Philippine Studies)”; “Mga Panitikan ng Pilipinas”; “Mga Nobelang Filipino.”

Ang bawat mamamayan ay inaanyayahang manindigan di lamang para sa wika at panitikang Filipino, kundi para rin sa mapagpalaya, progresibo, at makabayang sistemang pang-edukasyon dahil “Tungkulin ng lahat ng progresibong guro at mag-aaral ang pagpapalaganap ng Makabayan, Siyentipiko

at Makamasang Edukasyon sa loob at labas ng mga pormal na institusyong pang-edukasyon. Sa ganitong paraan ay malilintang at maipapalaganap ang isang edukasyon na nagtataguyod ng kapakanan ng bansa, nagpapayaman ng diwang mapagtanong at mapanlikha... (Lumbera, Guillermo at Alamon xviii).” Alingawngaw ito ng pangarap ni Rizal (sa pamamagitan ni Crisostomo Ibarra at Pilosopong Tasyo) sa “Noli Me Tangere” at ni Renato Constantino (12) sa “The Miseducation of the Filipino” na naglarawan sa tuwid na daan na dapat tahakin ng edukasyon sa Pilipinas:

“What should be the basic objective of education in the Philippines? Is it merely to produce men and women who can read and write? If this is the only purpose, then education is directionless. Education should first of all assure national survival. No amount of economic and political policy can be successful if the educational programme does not imbue prospective citizens with the proper attitudes that will ensure the implementation of these goals and policies. Philippine educational policies should be geared to the making of Filipinos. These policies should see to it that schools produce men and women with minds and attitudes that are attuned to the needs of the country.”

Malinaw na ang tuwid na daan mula rito paroon.

Mga Sanggunian

- Ayers, Bill at Rick Ayers. “Education Under Fire: Introduction.” *Monthly Review*, 63.3 (2011). Nakalimbag.
- Abad, Melania. “Neoliberalistang Pagpapaplanong Pangwika: Tungo sa Komodipikado at Episyenteng Pagpapahayag.” *Mula Tore Patungong Palengke: Neoliberal Education in the Philippines*. Eds. Bienvenido Lumbera, Ramon Guillermo at Arnold Alamon. Lungsod Quezon: IBON Philippines (2007): 224. Nakalimbag.
- Almario, Virgilio. *Madalas Itanong Hinggil sa Wikang Pambansa*. Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2014. Nakalimbag.
- Atienza, Monico. *Kilusang Pambansa-Demokratiko sa Wika*. Lungsod Quezon: UP-Sentro ng Wikang Filipino, 1992. Nakalimbag.
- Blanco, John D. “Race as Praxis in the Philippines at the Turn of the Twentieth Century.” *Southeast Asian Studies*, 49.3 (2011): 374. Nakalimbag.

HASAAN

- Casanova, Arthur. *Kasaysayan at Pag-unlad ng Dulaang Pilipino*. Maynila: Rex Book Store, 1984. Nakalimbag.
- Commission on Higher Education (CHED). "CMO No. 20, Series of 2013." Web. 08 Setyembre 2014.
- Constantino, Pamela. "Ang Filipino sa Binagong Kurikulum sa Sekundarya at Tersiaryang at ang Tunghin ng Edukasyong Filipino." *Filipino at Pagpaplanong Pangwika: Ikalawang Sourcebook ng SANGFIL*. Ed. Pamela C. Constantino. Lungsod Quezon: UP-Sentro ng Wikang Filipino, 2005. Nakalimbag.
- Constantino, Renato. "The Miseducation of The Filipino." *Journal of Contemporary Asia*, 1.1 (1970). Nakalimbag.
- Department of Education, Culture, and Sports (DECS). "Department Order No. 25, Series of 1974."
- . "Department Order No. 52, Series of 1987."
- Edroza-Matute, Genoveva. *Mga Piling Sanaysay: Tinig ng Damdamin*. Maynila: De La Salle University Press, 1992. Nakalimbag.
- . "Liham sa Kabataan ng Taong 2070." *Paano Magbasa ng Panitikang Filipino :Mga Babasahing Pangkolehiyo*. Bienvenido Lumbea et al. (eds.). Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2000. Nakalimbag.
- Epstein, Joseph. "Who Killed The Liberal Arts? And Why We Should Care." Web. 29 Marso 2015.
- Espiritu, Clemencia. "Language Policies in the Philippines." Web. 08 Setyembre 2014.
- . "Filipino Language in the Curriculum." Web. 08 Setyembre 2014.
- . "Ang Filipino sa Ibayong Kurikulum." *Filipino at Pagpaplanong Pangwika: Ikalawang Sourcebook ng SANGFIL*. Ed. Pamela C. Constantino. Lungsod Quezon: UP-Sentro ng Wikang Filipino, 2005. Nakalimbag.
- Fernandez, Amanda. "With K to 12, some jobs no longer require college graduates — experts." GMA News Online. Web. 08 March 2015.
- Flores, Hermenegildo. "Kartilyang Makabayan: Mga Tanong at Sagot Ukol Kay Andrés Bonifacio at sa KKK." 1922. Web. 08 September 2014.
- Freire, Paulo. *Pedagogy of the Oppressed*. New York: Continuum, 2005. Nakalimbag.
- Guerrero, Milagros et al. "Andrés Bonifacio and the 1896 Revolution." *Sulyap Kultura* 1.2 (1996): 3-12. Nakalimbag.
- Guillermo, Ramon. "Ang Wikang Filipino sa Konteksto ng K12 at ASEAN Integration."
- Herek, Stephen. Mr. Holland's Opus. Hollywood Pictures Home Video: 1995. Film.
- Hernandez, Amado V. *Mga Ibong Mandaragit*. M & L Licudine Enterprises, 1982. Nakalimbag.
- "Kontitusyon ng Biak-na-Bato." 1897. Web. 08 Setyembre 2014.
- Lumbea, Bienvenido et al. "Introduksyon." *MULA TORE PATUNGONG PALENGKE: Neoliberal Education In the Philippines*. Eds. Bienvenido Lumbea, Ramon Guillermo at Arnold Alamon. Lungsod Quezon: IBON Philippines, 2007. xviii. Nakalimbag.
- Maceda, Teresita Gimenez. *Mga Tinig Mula sa Ibaba: Kasaysayan ng Partido Komunista ng Pilipinas at Partido Sosyalista ng Pilipinas sa Awit, 1930-1955*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1996. Nakalimbag.

DAVID MICHAEL M. SAN JUAN

- . "The Filipino National Language: Discourse On Power." *Papers from the Seventh Annual Meeting of the Southeast Asian Linguistics Society*. Ed. Karen L. Adams et al. 2003, Tempe, Arizona. Arizona State University, Program for Southeast Asian Studies, 99-108. Nakalimbag.
- Navarro, Atoy. "Heroism of Filipino Women in the Popular Movements (1896-1935)." Trans. Niles Jordan Breis. *Review of Women's Studies*. 1.8 (1998): 55-72. Nakalimbag.
- Ordoñez, Elmer. "The Question of Language in Democratizing Society." *Transformative Education*. Ed. Antonio Tujan, Jr. Lungsod Quezon: IBON Books, 2004. Nakalimbag.
- Parale, Apolinar. *The Case for Filipino*. Maynila: MCS Enterprises, Inc., 1969. Nakalimbag.
- Presidential Communications Development and Strategic Planning Office. *Philippine Electoral Almanac*. Maynila: PCDSPO, 2013. Nakalimbag.
- Pomeroy, William. *The Philippines: Colonialism, Collaboration, and Resistance*. Maynila: International Publishing, 1992. Nakalimbag.
- Preston, Alex. "The War Against Humanities at Britain's Universities." *The Guardian Online*. Web. 29 March 2015
- Rafael, Vicente. "Introduction: War, Race, and Nation in Philippine Colonial Transitions." *Southeast Asian Studies*, 49.3 (2011): 348. Nakalimbag.
- Reyes, Soledad. *Nobelang Tagalog 1905-1975: Tradisyon at Modernismo*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1982. Nakalimbag.
- Richardson, Jim. *The Light of Liberty: Documents and Studies on the Katipunan, 1892-1897*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2013. Nakalimbag.
- . *Komunista: The Genesis of the Philippine Communist Party, 1902-1935*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2011. Nakalimbag.
- San Juan, David Michael. "Kaisipang Nasyonalista at Teoryang Dependensiya sa Edukasyon: Ideolohikal na Kritik ng Programang K to 12 ng Pilipinas." *Malay*, 26.1 (2013): 96-120. Nakalimbag.
- . "Pambansang Salbabida at Kadena ng Dependensiya: Isang Kritikal na Pagsusuri sa Labor Export Policy (LEP) ng Pilipinas." *Malay*, 27.1 (2014): 46-68. Nakalimbag.
- Schneider, Carol Geary. "In Defense Of A Liberal Education." Web. 29 Marso 2015.
- Sibayan, Bonifacio. "The Intellectualization of Filipino." Web. 08 Setyembre 2014. -
- . "Becoming Bilingual in English in a non-English Environment (A Retrospective Essay in Honor of Joshua A. Fishman)." *Focus on Bilingual Education: Essays in honor of Joshua A. Fishman*. Volume 1. 1991. Ofelia Garcoa (ed.). Amsterdam: John Benjamins Publishing Company, 1991. Nakalimbag.
- Wood, Sam. *Goodbye, Mr. Chips*. 1939. Film.
- Zafra, Galileo. *Balagtasan: Kasaysayan at Antolohiya*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1999. Nakalimbag.
- Zwaenepoel, Paul. *Tertiary Education in the Philippines, 1611-1972: A Systems Analysis*. Lungsod Quezon: Phoenix Press, Inc., 1975. Nakalimbag.

HASAAN

Mga Apendiks

Listahan ng mga Institusyong Nagtuturo ng Wikang Pambansa sa Kolehiyo

Batay sa Pagsusuri sa Mga Website ng mga Kolehiyo at Unibersidad

A. Mga Kolehiyo/Unibersidad sa Ibang Bansa na Nagtuturo ng Wikang Pambansa sa Kolehiyo Bilang Required na Core Course

1. Princeton University
2. Illinois State University
3. California State University
4. Columbia University
5. University of Alabama
6. Duke University
7. Yale University
8. Harvard University
9. Stanford University
10. North Carolina State University
11. Washington State University
12. University of Wisconsin-Madison
13. State University of New York
14. University of Michigan
15. College of Engineering ng Ohio State University
16. University of Vermont
17. California State Polytechnic University
18. University of Kentucky
19. University of Arizona
20. College of Food, Agricultural, and Environmental Sciences ng Ohio State University

B. Mga Kolehiyo/Unibersidad sa Ibang Bansa na Nagtuturo ng Panitikan sa Kolehiyo Bilang Required na Core Course

1. University of Chicago
2. Harvard University
3. Duke University
4. Massachusetts Institute of Technology
5. University of Alabama
6. University of Wisconsin-Madison
7. University of Michigan
8. University of Kentucky
9. University of Oregon
10. University of Texas

C. Mga Hayskul sa Ibang Bansa na Nagtuturo ng Filipino, as of March 2011:

(40) Philippine Schools Overseas (PSOs) with 27,500 students in 10 countries

1. Bahrain
2. China
3. East Timor
4. Greece
5. Kuwait
6. Libya
7. Oman
8. Qatar
9. Kingdom of Saudi Arabia
10. United Arab Emirates



DAVID MICHAEL M. SAN JUAN

D. Mga Unibersidad sa Ibang Bansa na Nagtuturo ng Wikang Filipino at/o Philippine Studies

1. University of Hawaii-Manoa
2. University of Michigan
3. Osaka University
4. Kyoto University
5. Sorbonne University (France)
6. University of Melbourne
7. University of Pennsylvania
8. University of Washington
9. Beijing University
10. University of California, Los Angeles (UCLA)
11. University of California, Berkeley
12. University of Queensland (Australia)
13. Universiti Brunei Darussalam
14. University of Malaya (Malaysia)
15. University of Wisconsin-Madison
16. Loyola Marymount University (USA)
17. Columbia University (USA)
18. Tokyo University of Foreign Studies
19. Moscow State University
20. St. Petersburg State University
21. Northern Illinois University
22. Yale University
23. University of San Francisco (USA)
24. University of Chicago
25. University of Winnipeg (Canada)
26. Universität Luzern (Switzerland)
27. University of Pittsburgh (USA)
28. Simon Fraser University (Canada)
29. University of California, San Diego
30. Stanford University
31. University of Arizona
32. Cornell University
33. Brigham Young University (USA)
34. California State University-East Bay
35. University of Wollongong in Dubai (mother unit in Australia)
36. North West Community College (Sydney)
37. Michigan State University
38. University of Utah
39. California State University Long Beach
40. University of Iowa
41. Loyola University (USA)
42. East Tennessee State University
43. SWCollege (USA)
44. Cuyamaca College (USA)
45. Alliant International University (USA)
46. San Diego State University (USA)

HASAAN

E. Iba Pang Institusyon sa Ibang Bansa

1. Filipino Language and Culture School of Calgary (FLCSC)
2. 70 high schools in San Diego, California
3. Converse International School of Languages (USA)
4. Philippine Language School of Victoria (Australia)
5. "Wika Nga! Filipino Language Classes for Filipino-Korean Children"
6. Council for Teaching Filipino Language and Culture (USA)
7. California Commission on Teacher Credentialing (CCTC)-CSET Exam in Filipino
8. Iglesia ni Cristo, Ang Dating Daan, at iba pang relihiyon na gumagamit ng Filipino sa pangangaral maging sa ibang bansa

DAVID MICHAEL M. SAN JUAN

Talahanayan 1: Sitwasyong Pangwika sa Kurikulum ng Kolehiyo (1906 – Kasalukuyan)

Year	Required Filipino Subjects for HUSOCOM Majors	Required English Subjects for HUSOCOM Majors	Required Filipino Subjects for non-HUSOCOM Majors	Required English Subjects for Non-HUSOCOM Majors
1906 - 1940	NONE	English Language and Literature Required	NONE	English Language and Literature Required
1940-1944	National language required for two semesters in second year college of Education majors (e.g. would-be teachers)	English Language and Literature Required	NONE	English Language and Literature Required
1944-1946	National language required	English was prohibited by the Japanese-sponsored republic	National language required	English was prohibited by the Japanese-sponsored republic
1946-1975	NONE	English Language and Literature Required	NONE	English Language and Literature Required
1975	National language required 9 units of Filipino language are required	English Language and Literature Required	National language required	English Language and Literature Required
1996	Filipino texts covered by 3 units of Literatures of The Philippines 9 units of Filipino are required	9 units of English are required English texts covered by 3 units of Literatures of The Philippines) 3 units of Literatures of The World	9 units of Filipino language are required	9 units of English language are required

HASAAN

Year	Required Filipino Subjects for HUSOCOM Majors	Required English Subjects for HUSOCOM Majors	Required Filipino Subjects for non-HUSOCOM Majors	Required English Subjects for Non-HUSOCOM Majors
1997	<p>Filipino texts covered by</p> <p>3 units of Literatures of The Philippines</p>	<p>9 units of English are required</p> <p>English texts covered by 3 units of Literatures of The Philippines)</p> <p>3 units of Literatures of The World</p>	6 units of Filipino are required	<p>6 units of English are required</p> <p>Filipino texts covered by 3 units of Literatures of The Philippines</p> <p>3 units of Literatures of The World</p>
2016 (start of implementation of CMO No. 20, Series of 2013)	ZERO	ZERO (but in most schools, Purposive Communication, a 3-unit subject will be mainly handled by English Departments or English-speaking Departments)	Filipino texts covered by 3 units of Literatures of The Philippines ZERO	ZERO (but in most schools, Purposive Communication, a 3-unit subject will be mainly handled by English Departments or English-speaking Departments)

DAVID MICHAEL M. SAN JUAN

Talahanayan 2: Saklaw ng Filipino sa Lumang Kurikulum ng Kolehiyo at Filipino sa Senior High School

Subjects in The Current College Curriculum	Topics Covered	Subjects in Senior High School	Topics Covered	Topics in The Current College Curriculum Not Covered by The Senior High School Curriculum
Komunikasyon sa Filipinolohiya (Communication on Philippine Studies)	<p>Batayang Kaalaman sa Komunikasyon at Wika (Basic Knowledge on Language and Communication)</p> <p>Pagsulat ng Reaksyon/Repleksyon (Writing Reaction/Reflection Papers)</p> <p>Kasaysayan, Kahulugan, Isyu, at Anyo ng Filipino (History, Meaning, Issues on, and Forms of Filipino)</p> <p>Paghahambing at Pagsusuri ng Sampling ng Register ng Wika Batay sa Heograpiya (Comparative Analysis of a Sampling of Language Register Based on Geography)</p> <p>Ang Papel ng Wika sa Edukasyon at Lipunan (Language's Role in Education and Society)</p>	Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino (Communication and Research on Filipino Language and Culture)	<p>Mga Konseptong Pangwika (Language Concepts)</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Wika (Language) 2. Wikang Pambansa (National Language) 3. Wikang Panturo (Medium of Instruction) 4. Wikang Opisyal (Official Language) 5. Bilinggwalismo (Bilingualism) 6. Multilinggwalismo (Multilingualism) 7. Register/Barayti ng wika (Language Register/Variety) 8. Homogenous 9. Heterogenous 10. Linggwistikong komunidad (Linguistic Community) 11. Unang wika (First Language) 12. Pangalawang wikaat iba pa (Second Language etc.) 	<p>Pagsulat ng Reaksyon/Repleksyon (Writing Reaction/Reflection Papers)</p> <p>Isyu sa Filipino (Issues on Filipino Language)</p> <p>Paghahambing at Pagsusuri ng Sampling ng Register ng Wika Batay sa Heograpiya (Comparative Analysis of a Sampling of Language Register Based on Geography)</p> <p>Introduksyon sa Filipinolohiya (Introduction to Philippine Studies)</p> <p>Paglalahad ng Mga Pangu-nahing Ideya/Argumento ng Sanaysay (Expressing/Explaining the Main Ideas/Arguments of the Essay)</p>

HASAAN

Subjects in The Current College Curriculum	Topics Covered	Subjects in Senior High School	Topics Covered	Topics in The Current College Curriculum Not Covered by The Senior High School Curriculum
	<p>Pagtukoy sa Tesis ng Sanaysay at Pagbuuod (Identifying the Essay's Thesis Point, and Summarizing) Ang Bukal at Kahulugan ng Pilipinong Identidad sa Loob ng Pilipinas (Sources and Meanings of Filipino Identity in the Philippines)</p> <p>Pagsusuri ng Mga Simbolong Kultural (Analyzing Cultural Symbols)</p> <p>Pilipinong Identidad sa Labas ng Pilipinas/Diaspora (Filipino Identity Outside the Philippines/Diaspora)</p> <p>Pagsulat ng Tesis at Pagbabalangkas (Thesis Point Writing and Outlining)</p> <p>Pag-oorganisa ng Lektyur-Forum (Organizing a Lecture-Forum)</p>		<p>Gamit ng Wika sa Lipunan (Functions of the Language in Society):</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Instrumental 2. Regulatoryo (Regulatory) 3. Interaksyonal (Interactional) 4. Personal 5. Hueristiko (Heuristic) 6. Representatibo (Representative) <p>Kasaysayan ng Wikang Pambansa Sa Panahon ng Kastila Hanggang sa Kasalukuyan (History of the National Language From the Colonial Era To The Present)</p> <p>Mga Sitwasyong Pangwika sa Pilipinas (Language Situations in the Philippines)</p>	<p>Pagbuo ng Iba't Ibang Pagpapakahulugan/Pagbasa sa Teksto (Meaning-Making)</p> <p>Ang Papel ng Wika sa Edukasyon (Language's Role in Education)</p> <p>Pagtukoy sa Tesis ng Sanaysay at Pagbuuod (Identifying the Essay's Thesis Point, and Summarizing)</p> <p>Ang Bukal at Kahulugan ng Pilipinong Identidad sa Loob ng Pilipinas (Sources and Meanings of Filipino Identity in the Philippines)</p> <p>Pagsusuri ng Mga Simbolong Kultural (Analyzing Cultural Symbols)</p>

DAVID MICHAEL M. SAN JUAN

Subjects in The Current College Curriculum	Topics Covered	Subjects in Senior High School	Topics Covered	Topics in The Current College Curriculum Not Covered by The Senior High School Curriculum
	<p>Pag-unawa sa Kulturang Popular (Understanding Popular Culture)</p> <p>Diskors ng Kasarian (Gender Discourse)</p> <p>Pagsulat ng Sanaysay na Nangangatwiran o Naglalahad (Writing Argumentative or Illustrative Essays)</p>		<p>Kakayahang Komunikatibo ng mga Pilipino (Communicative Skills of Filipinos)</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. kakayahang linggwistiko/istruktural/gramatikal (linguistic/structural/grammatical skills) 2. kakayahang sosyolingwistik (sociolinguistic skills) 3. kakayahang pragmatik (pragmatic skills) 4. kakayahang diskorsal (discourse skills) <p>Introduksyon sa Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino (Introduction to Research on Filipino Language and Culture)</p>	<p>Pilipinong Identidad sa Labas ng Pilipinas/Diaspora (Filipino Identity Outside the Philippines/Diaspora)</p> <p>Pagsulat ng Tesis at Pagbabalangkas (Thesis Point Writing and Outlining)</p> <p>Pag-oorganisa ng Lektyur-Forum (Organizing a Lecture-Forum)</p> <p>Pag-unawa sa Kulturang Popular (Understanding Popular Culture)</p> <p>Diskors ng Kasarian (Gender Discourse)</p> <p>Pagsulat ng Sanaysay na Nangangatwiran o Naglalahad (Writing Argumentative or Illustrative Essays)</p>

HASAAN

Subjects in The Current College Curriculum	Topics Covered	Subjects in Senior High School	Topics Covered	Topics in The Current College Curriculum Not Covered by The Senior High School Curriculum
<p>Filipino: Pagbasa at Pagsulat sa Iba't Ibang Disiplina at Larangan (Filipino: Reading and Writing in Various Disciplines and Fields)</p>	<p>Pundasyon ng Pagpapahayag-Akademik (Foundation of Academic Expression)</p> <p>Wika at Ang Wika sa Akademya (Language and The Language in/of The Academe)</p> <p>Intelektwalisasyon ng Filipino (Intellectualization of the Filipino Language)</p> <p>Pagsasalin at Pagpapayaman ng Register (Translation and Enriching/Expanding the Language Register)</p> <p>Pagbuo ng Term Paper para sa Larangan/Disiplina (Drafting a Discipline-Based Term Paper)</p> <p>Ang Documentary Films Bilang Riserts (Documentary Films as Research)</p>	<p>Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik (Reading and Analysis of Various Texts Towards Research)</p>	<p>Texts Towards Research)</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Impormatibo (Informative) 2. Deskriptibo (Descriptive) 3. Persuweysib (Persuasive) 4. Naratibo (Narrative) 5. Argumentatibo (Argumentative) 6. Prosidyural (Procedural) <p>Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto (Reading and Analyzing Various Pagsulat ng Pananaliksik (Writing a Research Paper)</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagpili ng paksa (Choosing a Topic) • Pagsulat ng tentatibong balangkas (Writing a Tentative Outline) • Pagbuo ng tentatibong bibliograpi (Preparing a Tentative Bibliography) 	<p>Pundasyon ng Pagpapahayag-Akademik (Foundation of Academic Expression)</p> <p>Wika at Ang Wika sa Akademya (Language and The Language in/of The Academe)</p> <p>Intelektwalisasyon ng Filipino (Intellectualization of the Filipino Language)</p> <p>Pagsasalin at Pagpapayaman ng Register (Translation and Enriching/Expanding the Language Register)</p> <p>Ang Documentary Films Bilang Riserts (Documentary Films as Research)</p> <p>Pagpapayaman ng Bokabularyo sa Mga Disiplina (Enriching/Expanding Vocabulary in Various Disciplines)</p>

Subjects in The Current College Curriculum	Topics Covered	Subjects in Senior High School	Topics Covered	Topics in The Current College Curriculum Not Covered by The Senior High School Curriculum
	<p>Pagpapayaman ng Bokabularyo sa Mga Disiplina (Enriching/Expanding Vocabulary in Various Disciplines)</p> <p>Leksikograpiya sa Mga Disiplina (Lexicography in Various Disciplines)</p> <p>Pagsasalin: Simulain, Proseso, Kritiking ng Pagsasalin, at Worksyap (Translation: Principles and Process, Critiquing and Workshop)</p> <p>Imersyon sa Disiplinang Inhenyeriya (Immersion in the Engineering Discipline)</p> <p>Imersyon sa Ekonomiks (Immersion in Economics)</p> <p>Imersyon sa Agham Panlipunan (Immersion in Social Sciences)</p>		<ul style="list-style-type: none"> • Pagbuo ng konseptong papel (Drafting a Concept Paper) • Pangangalap ng datos (Data Collection) • Pagsulat ng unang draft (Writing the First Draft) • Pagsasaayos ng dokumentasyon (Organizing the Documentation) • Pagbuo ng pinal na draft (Preparing the Final Draft) 	<p>Leksikograpiya sa Mga Disiplina (Lexicography in Various Disciplines)</p> <p>Pagsasalin: Simulain, Proseso, Kritiking ng Pagsasalin, at Worksyap (Translation: Principles and Process, Critiquing and Workshop)</p> <p>Imersyon sa Disiplinang Inhenyeriya (Immersion in the Engineering Discipline)</p> <p>Imersyon sa Ekonomiks (Immersion in Economics)</p> <p>Imersyon sa Agham Panlipunan (Immersion in Social Sciences)</p>

